

ORIANg

Pahayagsa Marso 8, PandaigdigangArawngKababaihan!

Habang nangangako ang mga kandidato para sa 2019 eleksyon, huwag nating hayaan na sila lang ang mapapakinggan. Panahon na sila naman ang making sa atin, lalo na ngayong Araw ng Kababaihan!

Kaisaa ng Oriang sa daan-daang libong mga kababaihan sa buong mundo na nagmamartsa para sakarapatan at kalayaan mula sa kaapihan ngayong Marso 8. Mula saiba-ibang karanasan, karamihan pa rin ng mga kababaihan ay nakikibaka sa pang-araw araw na kahirapan at karahasan – panlipunan, pangekonomiya at pampulitika man. Kung kaya nananawagan ang Oriang para sa kaagad at buong pagtugon sa mga sumusunoda na isyu:

Seguruhin ang regular at disenteng trabaho. Sa tuwing matatapos na ang limang buwan na kontrata sa pagawaan, aligaga na ang babae sa tahanan. Maaring sya mismo ang mawawalan ng trababaho o ang kanyang partner sa pag papamilya. Ang patuloy na kontraktwalisasyon ay hadlang sa pagkakaroon ng kakayanang makapag provide sa sariling pangangailangan, kaya't nauwi sa kakapusan. Samantala, kung may trabaho man, kailangan pa ring sukatin kung ito'y makatao at disente, lalong lalo na sa usapin ng sahod at proteksyon sa manggagawa.

Maraming kababaihan ang nasa trabahong impormal dahil kulang sa oportunidad na makapag-apply sa mga pormal na trabaho. Bilang mga manggagawa ng impormal naman, mapapansin din ang limitasyon ng antas ng pagkilala sa kanila, sa pormang suportang - serbisyo, social protection at oportunidad sa pamilihan.

Ibaba ang presyong bilingin at pagkain. Pasanin ng karamihang kababaihan ang presyong pang-araw-araw na gastusin, lalo na ang pagkain. Ang mga nag daang krisis sa presyo ng bigas at ang patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilingin ay maiuugnay sa pinata na mga pagbubuwis sa ilalim ng TRAIN Law. Hindi dapat mag maaang-maangan ang mga namamahala na ang tanging tulak sa presyong bilingin ay ang merkado. Malinaw naman na ang dagdag buwis sa krudo ay pumatong sa gastos sa produksyon ng pagkain. Hindi lang nagmahal ang bigas dahil kulang sa supply, kundi dahil nananatiling mataas ang gastos sa produksyon nito kumpara sa ibang bansa. Kinakailanga ng suportahan ang mga local na magbubukid, sa halip na ang gawing solusyon ay importasyon.

No to ChaCha, No to Federalism! No to Trapos at Dynasties!

Hindi klaro ang mungkahing pagbabago sa konstitusyon. Kung may klaro man, ito ay ang interes ng mga tradisyunal na pulitiko na hindi masagasaan ang kanilang mga political careers, bilang indibidwal o bilang angkan. Kaya nga gusto ng mga trapo na tanggalin ang term limits sa posisyon na kanilang inuupuan. Ang political dynasty ay kontra-demokrasya dahil pinananatili nito ang kapangyarihan sa iilan. Nararapat lamang na ang ating iboto ay ang mga Kampeon at Tagapagsulong ng kabataan at kababaihan, at klaro na handing bumangga sa sistemang trapo at political dynasty.

Wakasan ang karahasan sa Kababaihan! Tutulan ang Impyunidad! Sinasabing isa sa apat na babae ay nakakaranas ng pang-aabuso at karahasan. Nangyayari ito hindi dahil sa nagkataon lamang, bagkus ito'y bunga ng sistematikong opresyon ng kababaihan. Bunga ng pagtinging ang babae ay mababa at mahina. Bunga ng pagtinging maaring bastusin ang kanyang katawan. Bunga ng kulturang minamaliit ang babae at ginagawang katatawanan, gaya ng mga bastos na mga biro ng Presidente. Kailangan na itong wakasan! Ang patuloy na karahasan sa ating mga komunidad – ang karahasan laban sa kababaihan, karahasan laban sa mahihina, ang mga biktimang mga extrajudicial killings – ay mahirap wakasan kung wala namang napaparusahan. Kaya nananawagan din tayo ng pagtutol sa impyunidad. Pagtibayin ang batas at sistemang magbibigay katarungan; siguruhin natin ang akses sa hustisya!

Ipatupad ang sapat na badyet para implementasyon ng RPRH Law. Kay tagal nating hinintay ang pagsasabatas ng RA 10354 para sa reproductive health. Huwag nating hayaan na mawalan ito ng saysay dahil lamang sa kakulangan ng badyet para sa programang magsisiguro ng mga elementong kalusugan ng babae. Kung tunay na sinsero ang pamahalaan, kailang tumbasan ng badyet ang mga programang magsisiguro sa mga kababaihan at batang-babae na higit na magkakaroon ng control na makapagdesisyon sa kanyang katawan. Tumbasa ng

HustisyangPangklima! Hihintayin pa ba natin ang iba pang kalamidad gaya ng Yolanda, Pablo, atbp. Upang maunawaan na buhay ang nakataya kung hindi sama-samang tutuparin ng mga bansa ang kanilang komitment sa mga kasunduang ugnay sa pagbabagong klima. Kailangang bawasan na ang mga gawain at pamamaraang mapanira sa ating kapaligiran, lalo na ang mag papainit sa ating klima. Seguruhin ang Malinis, Abot Kaya at Renewable na pamamaraan para magkaroon ng kuryente! Agad-agad ipatigil na ang mga maduduming paraan ng pagkakaroon ng enerhiya o kuryente, gaya ng mga coal power plants.

Tutulan ang Mining! Nilalagay ng pagmimina sa panganib ang maraming komunidad sa paligidnito, samantalang sinisira naman nito ang kapaligiran at kabuhayan ng mgas usunod na henerasyon! Mahirap nang ibalik sa dati ang mga kabundukang naminana. Mahirap nang pasiglahing muli ang kalusugan ng mgamamamayang nalason sa mga kemikal na katas mulasa mina. Lalong hindi na maibabalik ang buhay ng mga namatay sa pagtatanggol ng kanilang lupain at pagbangga sa mga korporasyon ng mina. Unawain natin na sa mga sitwasyong, matindi ang epekto sa mga babae – bilang taga pangalaga ng kalusugan sa komunidad, bilang tagapag seguro ng pagkain, bilang women human rights defenders.

Tangan ang mga isyung ito, huwag maging kampante kayong mga pulitiko! Mapanuri kaming sasabak sa eleksyon at sisiguruhin naming ang **BOTO NG KABABAIHAN AY PARA SA KARAPATAN AT KAGALINGAN NG LAHAT, HINDI NG IILAN!**

Marso 8, 2019
ORIANG Women's Movement Inc.
1807 Mplace, Mother Ignacia, Quezon City
Tita Flor Santos, 09084288185